

PROLOGUE

Maling lugar sa maling pagkakataon...

“Siya na ba ’yan?” Si Alyssa. “If that’s the guy, ako na’ng bahala sa kanya—”

“Huwag na, Yssa. Game lang naman ’yun,” pigil agad ni Ellie. “Nakausap ko na pati siya. Ibibigay daw niya ang account ko sa *RAN* kapag pumayag akong makipag-date sa kanya.”

“Ang kapal!” Lalong nainis si Alyssa. “Mabuti kung artistahin ang pagkaguwapo niya.”

Hinila na ni Ellie ang best friend palabas ng *Game Base Net Cafe*. Nasa *Golden Palace Mall* sila. Friday afternoon iyon at tapos na ang klase. Hindi sila puwedeng maglaro dahil naka-white sailor blouse pa sila at gray na palda. School uniform iyon ng *St. Peter University*. Nasa regulasyon ng school na bawal silang “maglaro” sa kahit saang computer shop nang naka-uniform.

Bukod sa magkapit-bahay, magkaklase rin sina Ellie at Alyssa. Pareho silang second year high school sa *SPU*. Malapit lang sa eskwelahan nila ang mall. Namasyal lang sila sa ilang paboritong boutique ni

Alyssa. Pauwi na sana sila nang maisipan ni Ellie na sumilip sa *Game Base*, ang paboritong computer shop niya sa mall.

Wrong idea! Naroon kasi si Edison, dati niyang ka-buddy. Naikuwento niya kay Alyssa ang ginawa nitong pagnanakaw sa account niya sa *RAN*, isang online game na pinagkagastusan niya nang todo. Ang ‘shunga’ kasi niya para ipagkatiwala sa dating kalaro ang password niya.

Napaka-gullible naman kasi ni Ellie. Napaka-friendly pa. Ang buong akala niya pakikipaglaro lang sa *RAN* ang habol sa kanya ni Edison, may gusto pa pala itong ibang ‘laro.’

“No way,” ani Alyssa. “Sa ’yo ang character na ’yun. Hindi ako papayag na mananahimik ka lang d’yan.”

Nagmarcha uli si Alyssa papasok sa computer shop. Nasa dugo nito ang katapangan. Malakas din ang loob nito dahil kayang-kaya nitong ipatapon palabas si Edison. Isa sa may-ari ng *Golden Palace* ang mga Castillo, pamilya ni Alyssa. Chairman ang tiyo nito na si Aries Castillo, pinakapanganay na kapatid ng nasira nitong ama na si Anthon Castillo. Kasalukuyang tini-train sa pagma-manage doon ang Kuya Ash ni Alyssa.

Napabuntong-hininga si Ellie sa pagsagi ni Ash sa kanyang isipan. First year college ang older brother ni Alyssa sa *SPU*. Ahead ito sa kanila ng tatlong taon *at boyfriend pa ng Ate Lenny niya!*

Sa totoo lang, crush niya si Ash. Super bait, super guwapo at super talino kasi nito. Naging mentor ito ni Ellie sa mga first video games niya. Ang siste, parang nagbago ang binata nang magsimula itong humawak sa posisyong iniwan ng mga magulang sa *Golden Palace Holdings, Inc.*

Namatay ang mga magulang nina Alyssa at Ash two months ago sa isang car accident. Nagluluksa pa rin ang magkapatid, isang dahilan kung bakit lagi niyang isinasama si Alyssa sa mga games niya. Gusto niyang malibang ang best friend.

Pero hindi kapag naka-uniform pa sila. *At hindi rin sa ganitong sitwasyon!*

May dalawang binatilyong kasama si Edison. Mukhang mga fourth year high school din katulad nito. Mga naka-puting polo rin na may logo sa kanang dibdib ng *San Augustine College*. Eskwelahan iyon na katapat lamang ng *SPU*. Habang tutok si Edison sa nilalaro, nakapanood lamang ang mga kaibigan nito.

RAN online ang nilalaro ni Edison. Biglang

sumakit ang dibdib ni Ellie. Nadiskubre niyang paboritong character niya ang ginagamit nito.

Napansin sila ng mga kasama ni Edison. Tinapik ng dalawa ang binatilyo para lingunin sila. Parang nagulat pa si Edison nang makita siya.

Nginisian siya nito. “Well, if it isn’t Miss Eloira Eleria herself. Gusto mo na bang makipag-date?”

May hitsura si Edison. Maputi ito at matangkad. Pero hindi ito trip ni Ellie. Siguro dahil iisang lalaki lamang ang gusto niya: *si Ash*.

“Date mo mukha mo.” Si Alyssa ang sumagot para sa kanya. “Pogi ka sana, pero hindi ka marunong manligaw. Pamba-blackmail lang ang alam mo, magnanakaw!”

Tumayo si Edison, mukhang nainsulto sa sinabi ni Alyssa. Magkasing-tangkad sila ng best friend sa height nilang 5’2” pero hanggang balikat lamang sila ni Edison. Hindi na-intimidate si Alyssa.

Nahawahan na rin ng katapangan nito si Ellie.

“Baka puwedeng ibalik mo na lang sa akin ang account ko. Naging friends naman tayo.”

“Kung ayaw ko?” Nakangisi pa rin sa kanya si Edison. “Paano kung gusto ko munang mag-date tayo

para ma-realize mo na type mo rin ako?”

“Ambisyoso,” sabad ni Alyssa. “Look, hindi makikipag-date sa ’yo si Ellie dahil may boyfriend na siya.”

“Boyfriend?” Tumawa ito. “Matagal kong kalaro si Eloira. Wala siyang boyfriend.”

“Pero paano kung meron nga?” pagsisinungaling uli ni Alyssa. “Paano kung naimbyerna na siya sa ’yo, sinagot na lang niya ang kung sinong—”

“Tama na, Yssa. Game lang ’yan,” putol ni Ellie. Inakay na niya palayo ang kaibigan. May mga naglalaro sa *Game Base* na napapatingin na sa kanila. Ayaw niya ng eksena. Ayaw rin niyang masangkot sa gulo.

“Like I told you, character ko lang naman ang kinuha niya. Gagawa na lang ako ng bagong account at mas malakas ang ibi-build kong character.”

Tumawa uli si Edison, dismayado pero nagyayabang pa rin. “Yeah, Eloira. See you soon. Good luck sa boyfriend mong unggoy!”

Tinalikuran na sila ng lalaki para muling maglaro. Papayag na sanang umalis si Alyssa nang nakihalakhak ang dalawang kasama nito. Nang-aasar.

Nagpumiglas si Alyssa kay Ellie.

Noon nagsalita ang isang pamilyar na boses. “Pare, baka puwedeng ibalik mo na lang ang ninakaw mo.”

Si Ash ang dumating. Napalingon silang lahat dito.

Hindi napansin ni Ellie na namutla si Alyssa. May sarili kasi siyang problema. Kumabog nang todo ang dibdib niya nang masalubong ang seryosong mga mata ng binata. Boyfriend ito ng Ate Lenny niya pero feeling niya sa kanya ito ngayon. *He was her knight in shining armor!*

“At sino ka naman? Ikaw ba ang ‘unggoy na boyfriend?’” tuya ni Edison.

Nangatog ang mga tuhod ni Ellie.

Parehong matangos ang ilong at almond-shaped ang mga mata nina Ash at Alyssa. Pero magkaiba ng hugis ng mga labi ang dalawa.

Manipis ang mga labi ni Ash. Mukhang payat si Ash sa taas nitong almost six feet, pero medyo malapad na ang dibdib nito at muscular na rin ang mga braso. Batak din kasi ito sa exercise. Basketball player ng *SPU* si Ash, pero balita niya ay nag-quit na

ito sa team.

Mukhang kagagaling lang ni Ash sa unibersidad. Bitbit nito ang backpack at naka-uniform pa rin ng puting polo at gray na slacks.

Nakilala ni Ellie na palangiti si Ash, katulad ni Alyssa. Boy-next-door ang kaguwapuhan nito, mabiro at madaling lapitan. Pero suplado ang mukha ngayon ni Ash. Ni hindi ito ngumiti sa kanya nang magtama ang kanilang mga mata.

“May family event pa kaming pupuntahan.” Halatang hindi gusto ni Ash ang makipagbiruan kay Edison. “Late na kami kaya ibigay mo na ang account name at ang password kay Elle para makaalis na kami ng kapatid ko.”

Utos ba 'yon? sa loob-loob ni Ellie. Si Ash ba talaga ang narinig niya? Hindi kasi ganoon si Ash. Lagi itong pa-request sa mga kakilala, maging sa mga kasambahay ng mga ito. Teka, galit ba si Ash?

“Paano nga kung ayaw ko?” bira ni Edison.

Ikinabigla nilang lahat ang paglipad ng kamao nito sa mukha ni Ash. Nakailag ang huli. Tinangka uling manuntok ni Edison. Muling nakailag si Ash, pero gumanti na ito. Halos magkasing-laki ang dalawa, pero mas mabilis kumilos si Ash. Sinuntok

nito sa sikhura si Edison at siniko ang ulo nang mapatungo ito. Duguan ang isang sulok ng binatilyo nang bumangon mula sa sahig.

Naalerto na ang ilang customer sa *Game Base*. Mga napatayo at nakiusyoso. Bago pa nakasugod ang mga kasama ni Edison, dumating na ang mga security ng mall. Dinampot ng mga ito si Edison.

“Hulihin n’yo rin siya!” matapang na sabi ng binatilyo. “Gumawa rin siya ng gulo. Nanuntok din siya!” Si Ash ang tinutukoy nito.

“Ikaw ang nagpasimula ng gulo,” sabi ng isa sa mga guards. “Hindi mo ba alam na isa si Sir Asher sa mga may-ari ng mall na ito?”

Alam ni Ellie na hindi rin nagustuhan ni Ash ang sinabi ng security. “Sasama ako sa inyo,” sabi nito bago tumingin kay Edison. Iniaabot nito sa lalaki ang phone nito. “I-type mo d’yan ang username at ang password ni Ellie sa *RAN*.”

Sarcastic ang ngiti ng lalaki na tumangging abutin ang phone. “Pareho pa rin ang username. Pero binago ko ang password. I don’t need to write it down.” Pinamulahan sa pagkapahiya si Ellie sa isinigaw ni Edison. “IWANTTODOELOIRA! All caps. With exclamation point.”

Akmang susuntukin ni Ash ang lalaki nang pigilan ito ni Ellie. Niyakap niya ito mula sa likuran. Naramdaman niya ang sandaling pagtensyon ng katawan nito, na para bang nakuryente ito sa ginawa niya. Agad siyang bumitiw rito.

“Susunod ako,” sabi ni Ash sa isang guard.

Parang walang nangyaring bumalik sa computer station ng mga ito ang mga usiserong customer pagkaalis ng mga nagdala kay Edison at sa mga alalay nito.

“Sorry, Kuya.” Si Alyssa. “Tatawagan sana kita na sasaglit lang ako dito, n-nakalimutan ko.”

“Don’t lie. Kanina pa ako tumatawag sa ’yo, Yssa,” mariing sabi ni Ash. “Hindi mo iniintindi ang phone d’yan sa bag mo. Mabuti na lang napadaan ako rito.”

Hindi makapaniwala si Ellie sa inuugali Ash. Kailan pa ito naging masungit?

“Kuya Ash.” Iyon ang tawag niya rito dahil boyfriend ito ng Ate Lenny niya. “Sorry, kasalanan ko—”

“Talagang kasalanan mo,” baling nito sa kanya. “Bad influence ka talaga kay Yssa. Naghanap pa

talaga kayo ng away nang dahil sa isang walang kuwentang game?”

Hindi nakuhang magsalita ni Ellie. Bad influence pala ang tingin sa kanya ni Ash? Iniidolo pa naman niya ito, pagkatapos ganoon lang siya para rito?

“Hintayin n’yo ako sa parking area. Aayusin ko muna ang gulong inumpisahan n’yo,” saad ng binata bago sila iniwan.

1

Ten years later...

Naalimpungatan si Ellie nang maramdamang may tao sa kanyang silid. Hindi puwedeng ang kasambahay nilang si Ate Marissa dahil hindi siya nito inaabala sa pagtulog hanggang ikaapat ng hapon. Naikonsidera ni Ellie ang Kuya Lowell at Ate Lenny niya, pero malayo. Sa Canada na pumirmi ang pinakapanganay nila nang makapag-asawa roon samantalang ang Ate Lenny niya ay nasa opisina pa. At hindi rin siya nito sasadyain para kausapin. Kasasabon lang nito sa kanya nang nagdaang gabi at siguradong ayaw pa siyang makita ng kapatid.

Tumalikod siya ng higa mula sa pinto. Sumagi sa isipan niya ang kanyang mommy at daddy. Pero kauwi lang ng mga ito last month. Nasa Cebu na uli ang mga magulang. Abala na sa mga computer store nila sa Kabisayaan.

Narinig ni Ellie na tumikhim ang intruder. Hindi pa rin siya nagmulat. Puyat siya. Alas nueve ng umaga natapos ang laro niya. Kulang pa siya sa tulog.

Biglang sumabog ang liwanag sa silid nang

hilahin ng sinumang walang-puso ang venetian blinds sa bintana ng kanyang kuwarto.

“Naman!” reklamo niya at mumukat-mukat na bumangon. Napasulyap siya sa alarm clock, sa side table ng kama. *Ikatlo pa lang ng hapon!*

Bumaling siya sa taong responsible para angalan ito. Nagising siyang bigla.

Inside her room was a handsome devil in a business suit. He stood confidently while looking at her fiercely.

“Sorry, Elle,” sabi nito. “Nang sinabi ng katulong mo na tulog ka, ang akala ko ay nagsi-*siesta* ka lang.”

Si Ash nga! Ito lang naman ang tumatawag sa kanya ng ‘Elle.’ “Okay lang na ginising mo ako, Kuya,” pangongonsyensya niya.

Tinaasan lang siya nito ng kilay. “I really need to go back to the office.” Iritado ang mukha nito pero bakas din ng pagkapahiya. “Ang sabi ng maid n’yo tatawagin ka niya. Pero sa halip na akyatin ka, dumerecho siya ng kusina. Igagawa pa yata ako ng merienda. After five minutes, nainip na ako. Masyadong mahalaga ang oras ko para maghintay.”

Ikaw na ang importante! Medyo nainis na si Ellie.

Ito nga pala ang big-shot at masungit na si Asher John Castillo, the ex-crush.

Katabi ng bahay nila ang mansion ng mga Castillo. Nasa iisang subdibisyon sila, sa *Camilla Villa*. Kababata nila sina Ash at Yssa. Sanay silang magtawiran ng mga bakuran. Labas-masok lang din ang magkapatid sa malaking bahay nila. Pamilyar pa rin si Ash sa buong kabahayan. Alam pa rin nito kung nasaan ang kuwarto niya.

So, inakyat pala siya ni Ash para gisingin siya? Bakit?

Masama ang kutob ni Ellie. Feeling niya ‘bad news’ na dinalaw siya nito. It’s been a long time since they last spoke. Iyon ang panahong nagmakaawa sila ni Alyssa na hayaan uli sila nitong maging magkaibigan. Ellie promised never to get Alyssa into trouble again. *Now this?* May ginawa na naman ba siyang mali?

“I’ll wait for you downstairs,” Ash declared.

Ewan ni Ellie kung na-imagine lang niya, pero parang pinagmasdan pa siya ni Ash bago ito lumabas. Maluwang na T-shirt ang suot niya, pero naalala niyang wala nga pala siyang suot na bra. Naka-boxer shorts din siya. She felt conscious, but ignored it.

Alam niyang mas sophisticated at sexy ang Ate Lenny niya na naging girlfriend ni Ash sa loob ng dalawang taon. Kaya sigurado siyang walang epekto sa binata ang katawan niya. *Aray naman!*

Kahit na sabihin pang ex-crush na niya si Ash, aaminin niyang may feelings pa rin siya rito. Nagkakandahaba pa rin ang leeg niya sa tuwing makikita ito sa labas ng bahay nila.

Nag-robe lang siya at ipinusod ang hanggang baywang niyang buhok na platinum blonde ang kulay, saka bumaba patungo sa sala.

“Puwede namang tumawag ka na lang, Kuya.”

Ash gave her an icy look. “I wanted to see you personally. I want to see the look on your face when I tell you how disappointed I am with you. Pinagbigyan kita na maging kaibigan uli ni Yssa. Naging bad influence ka na naman sa kapatid ko.”

Bad influence? Shocked si Ellie. She had no idea what he was talking about. Isa pa, parang ang tanda na nila para maging “influence” siya. Ano ba ang tingin nito sa kapatid, walang sariling isip?

“Hindi mo alam?” Napabuga ito ng hangin. Likas kasing expressive ang mala-pusang mga mata ni Ellie, at tila nabasa roon ng binata ang pipi niyang

tanong. “Buntis si Alyssa, four months. Kasalanan mo na nakilala niya ang taong ’yun.”

Wow, kasalanan ko talaga? Paano ko naging kasalanan na magkagustuhan ang dalawang tao?

Sandali siyang natulala bago matipid na napangiti.

“What’s so funny?” inis na sita ni Ash.

Pumuwesto siya sa mahabang sofa sa tapat ng binata. Isang mababang mesita ang nasa pagitan nila. Sa puntong iyon, lumabas galing kusina si Ate Marissa dala ang isang pinggan ng sandwiches at isang baso ng orange juice.

“Merienda po, Sir?”

Tumango lamang ang lalaki bilang pasasalamat. Hindi ito dumampot ng sandwich pero ininom nito ang dalang juice ng katulong.

“In love sila sa isa’t isa, Kuya,” sabi niya nang iwan na sila ni Ate Marissa. “Nasa hustong gulang na rin naman si Yssa—”

“I do not know the guy! Ni hindi ko alam kung anong klaseng tao siya.”

“His name is Isaac. Mabait siya. He has a decent

job.”

“Apparently, he is a gamer like you.” He uttered the word ‘gamer’ as if it was something horrible.

Mukhang nakapag-background check na ito.

Nagpatuloy si Ash. “Umamin si Yssa dahil nahahalata na ang tiyan niya. Kung hindi mo talaga alam, siguro hindi rin muna niya sinabi sa ’yo dahil gusto ka pa niyang samahan sa world championship mo. Pero katulad ko, alam ni Yssa na hindi mo na siya papayagang sumali pa sa laro dahil sa kondisyon niya ngayon. Nasa akin na ang account ni Yssa sa laro n’yo, Elle. Pinalitan ko na ang password. Siguradong hindi na siya makakasama sa inyo.”

Masaya siya para kay Alyssa. At sobrang na-appreciate niya na gusto pa rin siya nitong suportahan at samahang maglaro sa kabila ng kalagayan nito. Alam nito kung gaano kaimportante sa kanya ang championship.

Pero nakaramdam din siya ng panghihinayang na hindi na ito makakasali.

“Then I guess, I’ll just have to find a replacement for her,” wala sa loob na nasabi niya. *Pero sino?*

Mula nang mag-eighteen, nabaliw na sa eSports

si Ellie. Kung anu-anong online games na ang nasubukan niya at iba't ibang lugar na rin sa Pilipinas ang nabisita niya dahil sa tournament.

Dahil mag-best friend sila ni Alyssa, nahilig na rin ito sa mga video games. Mas naging mahusay pa nga itong maglaro kumpara sa kanya. Ash thought it was a waste of time. But despite his objections, he was too busy to check on his sister twenty four seven. Kaya naiipuslit ni Ellie si Alyssa sa mga malalapit na competition.

“Natahimik ka?” puna ni Ash.

Parang may concern sa boses nito. She was reluctant to confide in him. “Nanalo kami last year sa regional championship sa Davao. Second place lamang kami sa *LONE* pero na-recognize kami ng *Razer*. Kompanya 'yon na nagpro-produce ng mga computer hardware.”

“So?” ani Ash.

“Ang *LONE* o *League of New Earth* ay isang war game. Na-impress ang representatives ng *Razer* particular sa team-up namin ni Yssa. Bukod sa recognition at price money, nakuha rin naming sponsor ang *Razer* para sa *LONE* World Championship na gagawin sa Seattle KeyArena, four months from

now.”

“At ngayon?” Ash sounded bored.

“Hindi papayag ang sponsor na hindi kompleto ang team namin.” Hindi niya sinalubong ang nang-eestimang titig ng binata. “Dapat mas maging healthy na ang lifestyle ni Yssa ngayon. Bawal na ang magpuyat at dapat kumain na siya ng wasto at sa tamang oras. So, hindi na siya puwedeng isali sa grupo. I... I just hope...” Hindi niya alam kung magugustuhan ni Ash ang sasabihin niya. “Nasa contract naman na puwedeng kumuha kami ng ibang player. Pero mas maganda kung magagamit namin ang *LONE* account ni Yssa. Pumayag kaya siya?”

Sarcastic na tumawa si Ash na parang napakawalang kuwenta ng problema niya.

Sumimangot siya rito. “Look, you might think that eSports are ridiculous. Pero iba’t iba tayo ng pangarap sa buhay. My team deserves to compete in the championship!”

“Don’t you think you are too old for games?” Tumayo na si Ash. Mukhang gusto na siyang layasan.

Ellie was desperate. Napipikon na rin siya dahil hindi siya nito maintindihan. And to think na ito ang dahilan kung bakit at paano siya na-in love siya sa

mga video games.

Natagpuan niya ang sarili na hawak na ito sa braso at pinipigilan itong umalis. Nabitawan din agad ito ni Ellie nang madama ang kuryenteng dumiklap sa pagitan nila.

Then she saw him glaring at her as if she was a child.

“Grow up, Elle,” mariing saad nito.

Sobrang pait ng pakiramdam ni Ellie nang walang lingon-likod na umalis ang binata. She didn't hear a 'no' but she got his answer loud and clear.

Gosh! Paanong espesyal pa rin ang tingin ko sa masungit na 'yun?

“I'm so sorry, Ellie.”

Pinuntahan niya si Alyssa para kumustahin ito. Sinalubong siya ng yakap ng best friend pagpasok niya ng mansion. Sa kuwarto nito sa third floor sila nag-usap.

“Dapat pala hindi ka na magkuwarto rito,” sabi niya. “Ingat ka lagi sa pag-akyat at pagbaba.”

“Ipinapaayos na ni Kuya ang guestroom sa

second floor,” tugon nito.

“Ano’ng sabi ni Isaac?”

Lumungkot ang mukha nito. “Nandito siya kanina. Nag-undertime siya para makausap nang personal si Kuya. He wants to marry me. Pero ang sabi ni Kuya, pag-isipan muna namin kung mahal talaga namin ang isa’t isa. He thinks magbabago pa ang desisyon namin. Kinausap naman niya nang maayos si Isaac. Pero ramdam ko, ayaw ni Kuya sa father ng baby ko.” Hindi na napigilan ni Alyssa ang lumuha. “I love him, Ellie.”

Niyakap niya ang kaibigan habang nakaupo sila sa gilid ng kama nito. “Magiging maayos din ang lahat,” nakangiting alo ni Ellie. “Parang Tatay mo na kasi si Kuya Ash kaya siya ganyan. Lahat ng mga tatay ay ayaw sa mga lalaking nagkakainteres sa kanilang anak. He’s just being protective. Pero papayag din siya kapag napatunayan niya kung gaano ka kamahal ni Isaac.”

“Sana nga, Ellie.”

Inabot niya ang box ng tissue sa ibabaw ng dresser sa tabi ng kama ni Allysa. Ibinigay niya iyon sa kaibigan na kumuha ng ilang ply para idampi sa nabasang mga pisngi.

“Paano na nga pala sa world championship natin sa July?” Nadama niya ang guilt sa tono ng kaibigan.

“Hindi ka na namin puwedeng isama, Yssa. Hindi magiging maganda sa kalusugan n’yo ni Baby ang training.” Bumuntong-hinga siya. “Pero gusto ko sanang hiramín ang account mo sa *LONE*. Pinagtawanan ako ng kuya mo n’ung sabihin ko sa kanya.”

“I-try mo lang uli, Ellie. Alam mo naman ang ugali n’un. Bibigay din ’yun kapag nakulitan na sa ’yo. Nasa *Hotel Royale* na siya ngayon sa Makati. Kulitin mo d’un.”

Nasa ilalim din ng *Golden Palace Holdings Inc.* ang nasabing hotel. Iyon ang kauna-unahang proyekto ni Ash bilang Vice Chairman nang maka-graduate sa college six years ago. Bukod sa labinlimang malls na naidagdag sa *Golden Palace Holdings Inc.*, limang hotel din ang naipatayo ng kompanya sa loob ng sampung taong lumipas.

Sandali pang nakipagkuwentuhan si Ellie kay Alyssa. Sakaling mag-asawa na ito ay mami-miss niya ang kaibigan. May mga kaibigan pa rin naman siya pero ‘best friend’ niya si Alyssa.

Sakay ng kanyang *Picanto*, isang oras nagmaneho

si Ellie mula sa subdivision nila hanggang Makati. Alas siete ng gabi ay nasa front desk na siya ng *Hotel Royale*. Hihingi na dapat siya ng appointment kay Ash sa opisina nito nang mamataan ang isang restaurant sa ground floor ng hotel at maalalang hindi pa siya kumakain nang maayos.

Pumasok si Ellie sa eleganteng restaurant. Carpeted ang sahig niyon, di tulad ng marmol na lobby. May chandeliers na nakasabit mula sa mataas na kisame. May mga round tables na good for two at may pampamilya ang laki.

Mukhang hindi naman kailangan ng reservation at hindi rin masyadong marami ang kumakain kaya nakapuwesto kaagad si Ellie sa isang mesang malapit sa bar. Saktong pagka-order ay nakita niya ang kanyang Ate Lenny na lumabas mula sa restroom. Dalawang mesa ang layo ng puwestong inokupa nito mula sa kanya.

Suot ni Ellie ang paborito niyang *LONE* cap. Inayos niya ang mala-niyebeng buhok sa ilalim ng sombrero. Masyado kasing agaw-pansin iyon kaya itinatago niya.

Hindi niya gustong makita siya ng kapatid. Galit pa ito sa kanya. Ayaw niyang sirain ang gabi nito. Mukhang may 'date' pa naman ito. Pero *sino*?

2

Her hair wasn't silver white. Kahit mula sa malayo, parang napakalambot niyon kung hahawakan, mukhang madulas. He could also remember the scent of her hair—apple blossoms. Ash had no idea what game character Ellie was portraying, but it suited her. Nagmistulang isang anghel ang dalaga.

Naalala niya nang mainip siya at pumasok na sa kuwarto nito. *Anghel na may mapanuksong katawan!*

Kung bakit naman kasi hindi ito nagla-lock. Kakatok naman talaga dapat siya. Pero hindi nakalapat ang pinto ng silid nito.

He could still remember the sight of her flawless legs. It was a treat dahil laging naka-jeans si Ellie. She was wearing a shapeless T-shirt. Pero nagkasala na rin si Ash. At the back of his mind, he was imagining her shapely body without the shirt.

Hindi na ito ang batang nagustuhan niya noon. Pero hindi na rin ito ang babaeng dapat niyang pagkainteresan.

“So, what do you think, hijo?”

Ibinalik ni Ash ang atensyon kay Aries Castillo sa pagsulyap nito sa kanya. Fifty-three na ang tiyuhin at maraming nagsasabing may hawig siya rito.

May thirty minutes nang natapos ang meeting. Nakaalis na ang mga directors ng *GP Holdings*. Sila na lamang ng tiyuhin ang naiwan sa malaking conference room ng *Hotel Royale*. Nasa ground floor iyon ng hotel right across the restaurant. Kitang-kita niya nang ayusin ni Ellie ang buhok nito at ipaloob iyon muli sa suot na cap.

“Tingin ko naman makakahanap tayo ng alternative site ng gagawing mall sa Naga kung saka-sakali.”

Tumango-tango ito. “Perhaps now you can tell me what’s been bothering you the whole meeting?” Mukhang napansin nito ang pagkabalisa niya. “What is it, hijo?”

“Buntis si Yssa, Tito,” derechong sabi ni Ash. Ayaw niyang sa iba pa nito malaman. “Nagsabi po siya sa akin. They want to get married.”

“Pananagutan naman pala, hijo. Ano’ng problema?” Tumawa si Aries nang hindi siya kaagad nakasagot. “You don’t trust them, is that it? Nasa tamang edad na si Yssa. You should let her decide.

Ginawa mo na ang lahat ng makakaya mo para sa kanya. Her happiness is up to her.”

Parang nagustuhan pa ng tiyuhin ang ibinalita niya. “A baby in the family. Excited na ako. You should have someone in your life, too, Ash. Last time I checked hindi ka na nakipag-commit sa kahit kanino mula nang break-up mo kay Miss Eleria. I’m not talking about flings and the number of women that have been linked to you in the past years.”

Ngumiti lamang si Ash. “Nag-e-enjoy po ako sa trabaho ko, Tito.”

Pumalatak si Aries. “O sa sobrang busy mo sa negosyo, hindi ka rin siniseryoso ng mga nakaka-date mo. Baka hindi ka na makapag-asawa niyan, hijo.”

“Tito, twenty-seven pa lang po ako. Kayo nga lampas thirty na nang mag-asawa,” balik niya.

“Yes, at maaga akong iniwan ng Tita Vina mo dahil sa cancer. Hindi na kami nagkaanak.” Tinapik siya ni Aries sa isang balikat. “Have time for yourself, hijo. Life is too short.”

Sinipat ni Aries ang relong pambisig at binuhat na ang briefcase mula sa mahabang mesa. “And speaking of Miss Eleria, huwag mo na siyang paghintayin. Nagkaroon kayo ng mabuting relasyon. Ikaw na ang

kumumbinsi sa kanya. Their land in Naga is about 12 hectares. It's the perfect location. Work your magic, hijo. Pero kung ayaw talaga ni Miss Eleria, ibang usapan pa rin ang pakikipagbalikan mo sa kanya.”

Natawa na lang si Ash.

Sumunod na siya paglabas nito sa conference room. Natanaw agad ni Ash si Lenny. She was busy with a drink at the bar.

Matagal na silang hiwalay ni Lenny at naging pormal iyon. He tried, but it didn't work out for them. He thought he could love her but he was wrong. Nasaktan lang niya ito. Tinabangan na rin ito sa kanya nang maging abala na siya sa kompanya ng pamilya. Lalo raw siyang naging distant. Ito na ang nakipag-break sa kanya.

Hindi pa rin nag-aasawa ang ex-girlfriend katulad niya. Naging busy rin ito sa negosyo ng pamilya. Pero dinig niya ay may boyfriend na si Lenny.

Napagmasdan niya ang dating girlfriend na nakatalikod sa kanya. Banat na banat sa pagkakapusod ang raven-black nitong buhok at napaka-sexy sa pink nitong bestida. Fair-skinned si Lenny. *Katulad ni Ellie.*

Napalingon sa kanya ang dalaga nang tumabi siya sa puwesto nito.

“How are you, Ash?” Matipid ang ngiti ni Lenny.

“I’m good.” He returned her smile.

Dinirekta na siya nito. “I’m really sorry, Ash. Hindi ipagbibili nina Mommy at Daddy ang lupa namin. Ayaw ko na sanang makipagkita sa inyo ni Tito Aries ngayon, nahiya lang talaga ako. Where is Tito, anyway?”

“May lakad pa si Tito Aries. How are your parents, Lenny?”

Desidido si Ash na mabili ang property ng mga Eleria. Ancestral heritage raw ang lupa kaya hindi ito ipagbibili. Pero makikinig ang mag-asawang Eleria sa mga mga anak. If he could persuade Lenny, makukumbinsi nito ang mga magulang.

“Kumusta sina Tito Will at Tita Ellen? I’ve heard lagi silang nasa Cebu ngayon?” tanong niya. Nadako pa ang usapan nila sa kapatid nitong nasa Canada, hanggang sa nabanggit nito ang bunso. “Kumusta nga pala si Elle?” Nakita niyang lumungkot ang mukha ni Lenny.

Pinamulahan ng mukha si Ellie nang marinig ang pangalan. Nakadama siya ng inggit sa Ate Lenny

niya. Si Ash pala ang ka-date nito.

Medyo nabawasan ang ‘selos’ niya nang marinig na tungkol sa lupa ng pamilya nila ang main topic ng dalawa. Pero ngayon, negatibong emosyon na naman ang nasa puso ni Ellie. Bakit siya ang pinag-uusapan ng mga ito?

“Would you care for a drink, ma’am?” tanong ng waiter na lumapit sa table niya.

Hindi mahilig uminom si Ellie, pero umorder na rin siya ng wine para magkaroon ng dahilan na manatili sa mesa. Kanina pa siya tapos kumain.

Nagpatuloy sa pagkwekwentuhan sina Ash at Lenny tungkol sa kanya. Nakatalikod siya sa mga ito kaya siguro hindi siya napapansin. Isinuot niyang muli ang paboritong cap matapos kumain. Mukha ring masyadong busy ang dalawa sa pag-uusap para mapansin siya.

“Hindi siya nakikinig,” narinig niyang sabi ng Ate Lenny niya. “Decided siyang mag-compete sa championship. Kung usual sport siguro ’yun like basketball or volleyball, baka suportahan ko pa si Ellie. But online gaming? She told me it’s a real job. Malaki raw ang sweldo. Pero nahihiya akong malaman ng mga kaibigan ko na gan’un ang trabaho

niya.”

Ouch! Lumagok si Ellie ng alak.

Nagpatuloy si Lenny. “She even dyed her hair. Trademark daw niya ’yun. She sleeps all day and stays awake all night. Parang bampira. Pinababayaang lang siya nina Kuya, Mommy at Daddy pero alam ko na against din sila sa pinili niyang career. I hate to see Ellie waste her life. She is too talented and too intelligent for that.”

“Tama pala ang desisyon kong hindi siya pahiramín ng game account ni Yssa.” Si Ash.

Nabaling sandali kay Alyssa ang usapan ng mga ito.

“It’s not that I don’t trust this Isaac,” paliwang ni Ash. “Reluctant lang ako na baka hindi mag-work ang relasyon nila. The guy is also an online player like Elle. I want a secure future for Alyssa. I can’t let him marry her.”

“Andyan na ’yan. You should let her decide. My sister, on the other hand, is another matter.”

Nilingon niya ang pagkakangiti ng ate niya. “Let’s work on a deal, Ash,” sabi nito. “Kukumbinsihin ko sina Mommy at Daddy na ipagbili ang lupa namin

sa inyo. In return, you have to help me with Ellie.”

Muntik na siyang masamid sa wine na iniinom.

“Ibigay mo sa kanya ang account ni Yssa, tatal iyon din ang gusto ng kapatid mo. Pero ikaw ang pumili ng player para maging teammate nila. Gusto kong i-sabotage ang game ni Ellie para huwag manalo ang team nila, nang sa gan’un mag-quit na siya.”

Tumawa si Ash. “Sakaling matalo si Elle, sasali pa rin ’yan sa ibang game. Hindi siya ang tipong magku-quit na lang basta.”

“Then, make a deal with her na ipapahiram mo lang ang account ni Yssa on the condition na kapag natalo siya, hindi na siya maglalaro ng kahit anong online game.”

“At paano kung manalo ako, Ate?” Hindi na napigilan ni Ellie ang sumabat. Nakatayo na siya sa tabi ng kapatid. Sobrang pait, sobrang sakit na ng kanyang dibdib para manatili lang siyang tahimik na nakikinig.